**from the UPPER ROOM**

# Himala sa Kwarto sa Itaas

WEEK 1

## WARM-UP

- Balikan ang isang pagkakataon kung kailan nagdalawang-isip kang magbahagi ng mahalagang balita sa kaibigan mo. Ano ang pumigil sa iyo?
- Ano ang isa sa hindi mo malilimutang bagay na narinig mo mula sa isang tao? Ano ang naging reaksyon mo?
- Kung maaari kang maging mahusay sa pagsasalita ng ibang wika, ano ang wikang pipiliin mo? Bakit nais mong matutunan ang wikang ito?

## WORD

*"Ngunit pagdating ng Banal na Espiritu sa inyo, bibigyan niya kayo ng kapangyarihan. At ipapahayag ninyo ang mga bagay tungkol sa akin, mula rito sa Jerusalem hanggang sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa buong mundo."* **MGA GAWA 1:8**

1 *Pagdating ng araw ng pista na tinatawag na Pentecostes, nagtipon ang lahat ng mananampalataya sa isang bahay.*
2 *Habang nagtitipon sila, bigla na lang silang nakarinig ng ugong na mula sa langit, na katulad ng malakas na hangin. At puro ugong na lang ang kanilang narinig sa bahay na kanilang pinagtitipunan.* **MGA GAWA 2:1–2**

(Basahin din ang **MGA GAWA 2:3–11.**)

Sa simula ng aklat ng Mga Gawa, nasaksihan ng mga disipulo ang pagkabuhay-muli ni Jesus at Siya'y nakasama nila nang apatnapung araw bago Siya umakyat sa langit. Gayunpaman, hindi sila iniwan ni Jesus nang hindi nagbibigay ng mga tagubilin at ng isang pangako. Kahit inisip pa rin ng mga disipulo na ang pangakong ito ang magpapanumbalik sa Israel, intensyon ni Jesus na ipangaral nila ang mensahe ng Kanyang kaligtasan sa iba't ibang grupo ng tao at sila'y maging saksi Niya sa mundo. Ngayon, tingnan natin ang natupad na pangako ng Banal na Espiritu na nagsimula sa itaas na silid.

## 1 Naranasan ng mga disipulo ang himala ng pagpuspos ng Banal na Espiritu sa kanila.

*Napuspos silang lahat ng Banal na Espiritu, at nakapagsalita ng iba't ibang wika na hindi nila natutunan. Ang Banal na Espiritu ang siyang nagbigay sa kanila ng kakayahang makapagsalita nang ganoon.* **MGA GAWA 2:4**

Ilang araw matapos ang pag-akyat ni Jesus sa langit, nagtipon ang mga disipulo sa Jerusalem at nanatili sila roon gaya ng inutos ni Jesus. Kahit alam nilang darating ang Banal na Espiritu, hindi nila alam kung kailan o paano ito mangyayari. Bigla silang nakarinig ng ugong mula sa langit *katulad ng malakas na hangin* at agad silang napuspos ng Banal na Espiritu. Sa pagbukas nila ng kanilang mga bibig para magsalita, mahimala silang nagsimulang makipag-usap sa iba't ibang wika. Ang pagpuspos ng Banal na Espiritu ay isang katuparan ng pangakong sinabi ni Jesus—ang mahimalang kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Para sa iyo ngayon, ano ang ibig sabihin ng pananahan sa iyo ng Banal na Espiritu at pagbibigay Niya sa iyo ng kapangyarihan?

## 2 Ipinahayag ng mga disipulo ang mga kahanga-hangang gawa ng Diyos sa iba't ibang tao sa wikang nauunawaan nila.

*Pagkarinig nila sa ugong na iyon, nagmadali silang pumunta sa pinagtitipunan ng mga mananampalataya. Namangha sila dahil narinig nilang sinasalita ng mga mananampalataya ang kani-kanilang wika.* **MGA GAWA 2:6**

Nangyari ang pagpuspos ng Banal na Espiritu sa mga disipulo sa isang mahalagang panahon kung kailan nasa Jerusalem ang mga debotong Judio mula sa iba't ibang lungsod para dumalo sa isang pista ng mga Judio na kilala bilang *Shavuot*. Nang marinig ng mga tao ang mga disipulo na nagsasalita tungkol sa Diyos sa iba't ibang wika, marami sa kanila ang humanga, samantalang ang iba naman ay nagduda. Kinuha ni Pedro ang pagkakataong ito para ipangaral ang tungkol sa pagiging

Panginoon at Cristo ni Jesus. Ang pangangaral na ito ay isa nang himala. Sa kasalukuyan, ano pa ang ibang paraan kung paano tayo binibigyang kapangyarihan ng Banal na Espiritu?

## 3 Nasimulan ang iglesya at maraming tao ang lumapit kay Cristo.

*[41]Marami ang naniwala sa kanyang mensahe at nagpabautismo agad sila. Nang araw na iyon, mga 3,000 tao ang nadagdag sa mga mananampalataya. . . . [47]at palagi silang nagpupuri sa Diyos. Nagustuhan sila ng lahat ng tao. Araw-araw ay idinaragdag sa kanila ng Panginoon ang mga taong kanyang inililigtas.*

**MGA GAWA 2:41, 47**

Nang marinig ng mga tao ang pangangaral ni Pedro, *tumagos ito sa kanilang puso* (talata 37). Si Jesus, na kanilang ikinaila at pinako, ay Siya ring Jesus na nabuhay muli. Siya ang Panginoon at Cristo, ang Tagapagligtas ng mundo. Sa araw na iyon, mga 3,000 tao ang nanampalataya kay Jesus at nagpabautismo. Sa paglipas ng bawat araw, marami pang tao ang nadadagdag habang ang mga disipulo ay nangangaral ng ebanghelyo at gumagawa ng mga himala. Ito ang naglunsad ng iglesya ni Jesu-Cristo sa publiko. Ang mahimalang kaganapang ito ang nagbukas ng pinto para maipahayag ang ebanghelyo at ang patuloy na paglago ng iglesya hanggang sa kasalukuyang panahon. Ano ang sinasabi nito sa atin tungkol sa kung paano itinatayo ang iglesya ng Diyos?

## APPLICATION

- Paano ka natagpuan ni Jesus at paano nagbago ang buhay mo mula noon? Paano ka nabigyan ng Banal na Espiritu ng kakayahang maibahagi ang ebanghelyo at maranasan ang pagbabago?

- Naniniwala ka ba na ang Banal na Espiritung nakatagpo ni Pedro at ng mga disipulo ang Siya ring Banal na Espiritung magbibigay sa atin ngayon ng kakayahang maging matapang na maipangaral ang ebanghelyo? Hingin sa Diyos na buksan ang iyong puso upang matanggap mo ang Banal na Espiritu at maipahayag mo ang ebanghelyo nang may kapangyarihan at katapangan.

- Mayroon ka bang kakilala na kailangang makarinig ng ebanghelyo, ngunit iba ang paraan niya ng pananalita? Hingin sa Banal na Espiritu na bigyan ka ng kapangyarihan para epektibo at intensyonal mong makausap ang taong ito ngayong linggo.

## PRAYER

- Pasalamatan si Jesus sa pagpapadala Niya ng Banal na Espiritu upang gabayan at bigyan tayo ng kapangyarihang maipakilala Siya sa iba sa pamamagitan ng pangangaral ng Kanyang salita at pagdanas ng Kanyang mga himala.

- Ipanalangin sa Diyos na sa iyong pagiging isang saksi sa mga tao sa paligid mo, patuloy Niyang iayon ang iyong puso at isip sa Kanya.

- Hingin sa Banal na Espiritu na punuin ka ng tapang at lakas ng loob upang maibahagi sa isang tao ang mabuting balita ng kaligtasan ni Cristo ngayong linggo.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2023 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Leo Angcajas Jr., Josh Hernandez

victory.org.ph